Palabas na **balita**

# Pagdiriwang ng mga Katangi-tanging bagong dating sa Alberta

Oktubre 12, 2023

Pinararangalan ng pamahalaan ng Alberta ang 31 mga Albertan na ipinanganak sa ibang bansa para sa kanilang mga pagsisikap na bumuo ng matatag, mapagmalasakit at inklusibong mga komunidad.

Noong Hunyo, inimbitahan ang mga Albertan na magmungkahi ng mga bagong dating na kilala nila – kabataan, mga kababaihan, mga nakatatanda, mga negosyante, mga tagabuo ng komunidad at iba pa – na nagpayaman sa Alberta sa pamamagitan ng mga aktibidad ng pagboboluntaryo, pamumuno, pagbabago, negosyo o akademiko at propesyonal na mga tagumpay para sa Mga Parangal ng Pagkilala sa Bagong Dating ng Alberta (Alberta Newcomer Recognition Awards). Sinagot ng mga Albertan ang panawagan sa pamamagitan ng pagmumungkahi ng mga kahanga-hangang indibidwal na tumulong na gawing mas magandang lugar ang lalawigan sa lipunan, ekonomiya at kultura.

"Ang Alberta ay binuo sa mga pangarap at pagsusumikap ng mga innovator, mga negosyante at mga tagabuo. Patuloy tayong lumalago dahil ang ating lalawigan ay umaakit ng mas maraming tao na humahabol sa pagkakataon at mataas na kalidad ng buhay na mayroon tayo rito. Pagbati sa bawat tatanggap ng parangal at salamat sa pagbabahagi ng inyong pagnanasa, inyong mga kasanayan at inyong mga talento sa amin at sa pagpapalakas ng inyong mga komunidad at ating lalawigan."
*Danielle Smith, Premiyer*

Ang mga nominasyon ay nasuri sa pamantayan gaya ng mga pangkalahatang kontribusyon ng nominado, kung paano natugunan ng kanilang mga aksyon ang isang pangangailangan at nakaapekto sa mga iba, at kung paano sila nagpakita ng pamumuno. Upang maging kwalipikado, ang mga nominado ay dapat na ipinanganak sa labas ng Canada ngunit ngayon ay mga permanenteng residente o mga mamamayan na ng Canada.

“Nais kong ipahayag ang aking taos-pusong pagbati sa lahat ng mga tatanggap. Nakagawa sila ng napakaraming positibong pagbabago sa ating mga komunidad habang umaangkop sa mga paghamon ng isang bagong bansa at wika. Maging sila man ay nasa Alberta sa loob ng maraming mga taon o iilan lamang, lahat ng mga indibidwal na ito ay gumawa ng mahahalagang kontribusyon at pinasasalamatan namin sila para doon."
*Muhammad Yaseen, Ministro ng Imigrasyon at Multikulturalismo*

“Parangal ng Pagkilala sa Bagong Dating ng Alberta (Ang Alberta Newcomer Recognition Award) ay hindi lamang isang karangalan, ito ay sumasalamin sa aking pangako na gawing mas magandang lugar ang Alberta. Binibigyang-diin nito na, bilang isang bagong dating, makakagawa ako ng

makabuluhang epekto sa pamamagitan ng pag-aalay ng aking sarili sa pagpapabuti ng ating mga kabataan, mga organisasyon at mga komunidad."

*Harriet Tinkya, tatanggap, Parangal ng Diwa ng Negosyante (Entrepreneurial Spirit Award)*

Ang mga parangal, na unang ibinigay noong 2022, ay isang paraan lamang na sinusuportahan ng pamahalaanng Alberta ang pagkakaiba-iba at multikulturalismo.

**Mabilis na mga katotohanan**

- Mga kategorya ng parangal sa 2023:
  - Kontribusyon sa Karera at Akademiko
  - Diwa ng Negosyante
  - Mga Inklusibong Lugar ng Trabaho
  - Kampeon na Bagong Dating
  - Diwa ng Nakatatanda
  - Epekto ng Bagong Dating na Kababaihan
  - Pagpapahusay ng Maliit na Komunidad
  - Inspirasyon ng Mag-aaral
  - Batang Pinuno

**Kaugnay na impormasyon**

- Mga Parangal ng Pagkilala sa Bagong Dating ng Alberta (Alberta Newcomer Recognition Awards)

**Mga kaugnay na balita**

- Magmungkahi ng isang bagong dating na gumawa ng pagbabago (Hunyo 28, 2023)

**Mga katanungan sa media**

Sam Blackett
Kalihim ng Press, Opisina ng Premiyer
sam.blackett@gov.ab.ca
587-589-6048

Michael Kwas
Kalihim ng Press, Imigrasyon at Multikuluralismo
michael.kwas@gov.ab.ca
780-264-5368